

Umaapaw na mga Basurahan? **NARITO ANG GAGAWIN**

Nangyayari ang pag-apaw ng basurahan kapag ang basura at mga inire-recycle ay lumampas sa bibig ng lalagyan, na pumipigil sa takip na sumara nang tuluyan at nagiging sanhi ng pagkalat sa lupa o pagpunta sa ibabaw ng nakasarang lalagyan ng basura. Ang isang bukas na lalagyan ng basura ay naglalantad din ng laman nito sa mga langaw at peste. Narito ang gabay sa pamamahala ng iyong basura upang ang iyong mga lalagyan ng basura ay ligtas at handa nang kolektahin.

GAMITIN ANG TAMANG BILANG AT LAKI NG MGA LALAGYAN

Siguraduhing mayroon kang sapat na lalagyan ng basura upang magkasya ang dami ng basura, mga inire-recycle, at organikong basura para sa iyong ari-arian.* Nakakatulong na halimbawa: kung kasalukuyan kang pumupuno ng tatlong 95-galon na itim na lalagyan ng basura, siguraduhing mayroon kang tatlong 95-galon na kulay grey na lalagyan ng basura upang maiwasan ang pag-apaw at kontaminasyon.

Paalala: Ang bawat ari-arian ay dapat mayroong hindi bababa sa isang lalagyan ng basura, asul na lalagyan para sa inire-recycle, at berdeng lalagyan para sa organikong basura.

I-ADJUST ANG ANTAS NG IYONG SERBISYO

Para sa mas mabilis na serbisyo, bumisita sa sandiego.gov/get-it-done at piliin ang "Manage My Waste Collection Account" ("Pamahalaan ang Aking Account sa Pangongolekta ng Basura") o tumawag sa **858-694-7000**.

MASULIT ANG MGA LALAGYAN NG IYONG BASURA SA PAMAMAGITAN NG TAMANG PAG-AAYOS:


- ✓ **Tingnan ang likod ng polyeto na ito para sa mga halimbawa ng mga bagay na maaari mong i-recycle!**
- ✓ **TIP:** Patagin at alisan ng laman ang mga kahon na karton para masulit ang espasyo sa iyong asul na lalagyan ng basura.
- ✓ **TIP:** Putulin ang mga sanga para magkasya sa berdeng lalagyan ng basura para sa pagre-recycle.

PANATILIHING NAKASARA ANG MGA TAKIP

Dito naiwasan ang basura, binabawasan ang amoy, pinapanatiling walang peste at tinitiyak ang ligtas na pangongolekta para sa iyong drayber ng trak.



May mga lalagyan ng basura, para sa inire-recycle, at organikong basura na may sukat na 35, 65, at 95 galon.



I-scan para sa mga magagamit na wika:
Español, Tagalog at Tiếng Việt.

KAILANGANG PALITAN ANG NAWALA O NASIRANG LALAGYAN NG BASURA, KASAMA ANG NAWAWALANG TAKIP NANG WALANG DAGDAG NA GASTOS?

Bumisita sa sandiego.gov/get-it-done at piliin ang "Repair or Replace Damaged Container" ("Ayusin o Palitan ang Nasirang Lalagyan") o tumawag sa **858-694-7000**.

KAILANGAN NG TULONG SA PAGBABAYAD NG SINGIL SA IYO SA BASURA?

Mangyaring bumisita sa MAACproject.org/SDSWAssistance o suriin ang kalakip na polyeto upang malaman kung kwalipikado ka para sa pinansyal na tulong.



Siguraduhing mag-sign up sa Portal ng Lungsod sa WastePortal.sandiego.gov upang pamahalaan ang iyong account sa basura, subaybayan ang paghahatid ng basurahan, iulat ang mga isyu, humiling ng mga serbisyo at makatanggap ng mga abiso ng mga aktibidad, tulad ng mga kaganapan sa pamimigay ng compost at ligtas na pag-shred ng papel ng mga file ng buwis nang walang bayad.